10

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO
## Ikatlong Markahan – Modyul 3.2

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jann Rencille B. Quinto
**Tagaguhit:** Jann Rencille B. Quinto
**Tagalapat:** Fritzie Ann F. Garcia
**Tagasuri ng Nilalaman:** Juriz A. De Mesa/Michelle A. Tiangco
**Tagasuri ng Wika:** Rico C. Tarectecan
**Tagapamahala:** Malcolm S. Garma, Regional Director – NCR
Alejandro G. Ibañez, CESO VI, OIC- Schools Division Superintendent
Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR
Loida O. Balasa, CID Chief SDO Navotas City
Ronald D. Montes, EPS Edukasyon sa Pagpapakatao – NCR
Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR
Eloisa S. Sanchez, OIC-EPS Edukasyon sa Pagpapakatao SDO Navotas City
Grace R. Nieves, LR EPS SDO Navotas City
Nancy C. Mabunga, Librarian – NCR
Vergel Junior C. Eusebio, PDO II LRMS
Shirley Eva Marie V. Mangaluz, Librarian II LRMS

**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili)**

# PAGMAMAHAL SA BAYAN

## INAASAHAN

*"Ako'y isang Pinoy sa puso't diwa. Pinoy na isinilang sa ating bansa".*
*-Ako'y Pinoy ni Florante (1970)*

Ang pagkilala sa iyong pagkakakilalan ay patunay na pagmamahal sa iyong bayan. Bilang umiiral na nagmamahal, inaasahang hindi makasariling pag-ibig ang iyong pinaiiral sa halip ito ay umiinog sa pagmamahal sa bayan at may layuning tunguhin ang kabutihang panlahat.

Sa SLEM na ito ikaw ay inaasahang:

1. Napangangatwiranan na nakaugat ang pagkakakilanlan ng tao sa pagmamahal sa bayan. EsP10PB-IIIf-11.3
2. Nakagagawa ng angkop na kilos upang maipamalas ang pagmamahal sa bayan. (Patriyotismo). EsP10PBIIIf-11.4

## UNANG PAGSUBOK

**Panuto**: Basahin at sagutan ang mga katanungan sa bawat aytem. Isulat ang **TAMA** kung ang pangungusap ay nagsasaad ng katotohanan at **MALI** naman kung hindi.

________1. Ang salitang patriyotismo ay nagmula sa salitang "*pater*" na nangangahulugang pagmamahal at katapatan.

________2. Nakaugat ang pagkakakilanlan ng tao sa pagmamahal sa bayan.

________3. Naipamamalas ang patriyotismo sa pamamagitan ng pagiging palagiang handa sa pagsisimula ng digmaan para sa bayan.

________4. Ang pagboto ay isang karapatang nagpapamalas ng patriyotismo.

________5. Naipamamalas natin ang bayanihan sa pamamagitan ng pagkampi sa kapwa Pilipinong nakagawa ng pagkakasala sa ibang bansa.

________6. Kilala ang mga Pilipino sa pagiging magiliw sa pagtanggap sa mga panauhin.

________7. Ang *Filipino Time* ay isa sa mga ipinagmamalaki at dapat tularang katangian ng mga Pilipino.

________8. Ang kabutihang panlahat ay tumutukoy sa kabutihan ng iyong buong pamilya.

________9. Napalalawak ng pagmamahal sa bayan ang pakikipagkapwa sapagkat nagbibigay ito ng pagkakataon sa mga mamamayan na magkaisa, magtulungan at magdamayan.

________10. Ang katarungan ay tumutukoy sa paniniguro na ang karapatan ng bawat mamamayan ay naisasabuhay nang patas at walang kinikilingan.

## BALIK-TANAW

**Panuto:** Humanap sa kahon sa ibaba ng limang (5) salitang napag-aralan sa nakalipas na aralin at bigyan ito ng sariling pagpapakahulugan.

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| E | L | T | G | A | R | A | G | N | A | P |
| N | D | E | L | P | A | N | B | O | H | O |
| T | E | R | E | G | U | L | O | P | I | E |
| S | A | B | O | R | S | I | Y | O | N | E |
| O | B | L | I | G | A | S | T | I | R | D |
| G | A | L | A | B | A | Y | O | R | K | I |
| L | F | R | A | N | D | E | S | A | L | C |
| A | I | S | A | N | A | H | T | U | E | I |
| S | H | O | E | S | I | S | T | O | R | U |
| H | I | M | T | O | Y | S | A | B | I | S |
| O | M | S | I | L | O | H | O | K | L | A |

| Salita | Pagpapakahulugan |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Sangkap ng isang maunlad na bansa ang mga mamamayang nagpapamalas ng walang pag-iimbot na pagmamahal at paggalang sa kaniyang bayang sinilangan. Tinatawag itong pagmamahal sa bayan o patriyotismo. Nagmula sa salitang patriyotismo sa wikang Latin na *pater* na nangangahulugang ama at iniuugnay sa salitang pinagmulan o pinanggalingan. Kalakip din nito ang pagkilala sa mga tungkulin at pananagutang dapat gampanan bilang isang mamamayan. Ayon sa *Institute for Development Education Center for Research and Communication*, naisasabuhay ang patriyotismo sa pamamagitan ng marubdob na paggawa ng trabahong pinili o ibinigay, aktibong pakikilahok sa interes ng nakararami o kabutihang panlahat at pagsawata sa mga kilos na di makatarungan at hindi moral.

Lubhang mahalaga ang pagmamahal sa bayan sapagkat ito ay nagiging daan upang makamit ang pambansang layunin, pinagbubuklod nito ang mga tao sa lipunan, naiingatan at napapahalagahan din ang karapatan ng tao at higit sa lahat napahahalagahan nito ang ating kultura, paniniwala at pagkakakilanlan.

May mga gawain ding nagpapakita ng paglabag sa pagmamahal sa bayan. Ilan sa mga ito ang pagbabandalismo lalong higit sa mga pampublikong gusali, pagiging makasarili, pagpapairal ng mga negatibong kaugaliang Pilipino tulad ng *crab mentality*, ningas-kugon, *Filipino time*, Bahala na at *mañana habit,* hindi pagsunod sa batas na umiiral, pagtatakwil ng pagkamamamayan, paggawa ng krimen, pang-aabuso sa karapatan ng iba at pangmamaliit sa mga produktong gawa ng kapwa Pilipino.

Ang lakas at yaman ng isang bansa ay nakasalalay sa kaniyang mga mamamayan na patuloy na nagmamahal at nagmamalasakit sa kaniyang bayan at may layong isulong ang pambansang kaunlaran.

Ang mga sumusunod ay ang pagpapahalagang dapat linangin ng bawat Pilipino upang maipamalas ang pagmamahal sa bayan.

1. Pagpapahalaga sa buhay, katotohanan at katarungan
2. Paggalang kapayapaan, kalayaan at kaayusan
3. Pagsasabuhay ng pananampalataya, kasipagan at bayanihan
4. Pangangalaga sa kalikasan at kapaligiran
5. Pagsunod sa batas
6. Pagmamahal at pagmamalasakit sa kapuwa
7. Pagsulong ng kabutihang panlahat

Bilang isang kabataang Pilipino, makapagpapamalas ka ng pagmamahal sa bayan sa pamamagitan ng mga simpleng gawain tulad ng:

1. pag-aaral nang mabuti;
2. paggalang sa karapatan at buhay ng sarili at ng kapwa;
3. pagpapairal ng disiplina at katarungan sa lahat ng oras;
4. pagsunod sa batas at mga panuntunan;
5. paggalang at pangangalaga sa ating kalikasan;
6. pagsuporta sa sariling atin;
7. pagmamahal sa kapwa at salinlahi;
8. paggalang sa watawat at sa mga pambansang sagisag;
9. pananalangin at pagkilos tungo sa kabutihang panlahat at
10. pagtataguyod ng iyong pagiging Pilipino.

## GAWAIN

### Gawain 1

**Panuto**: Basahin at unawain ang mensahe ng tula. Sagutin ang mga inihandang katanungan ukol dito.

**Sa Kabataang Pilipino**
*ni Maestro Jann Rencille B. Quinto*

Kabataang Pilipinong naturingan
sumusunod nga ba sa batas at panuntunan?
Baka bulakbol lang sa eskwela, tambay ng lansangan,
lulong sa alak, sigarilyo at laman ng sugalan.

Kung si Rizal ay babangon sa kaniyang himbingan,
matutuwa ba sa kabataang inaasahan?
Lalamunin ba ng hiya o magagalit nang sukdulan?
Kabataan magtiwala ka, pag-asa ka ng bayan.

Hindi maling umidolo ng banyaga,
bumili ng *imported* ay hindi rin masama.
Basta't huwag lilimutin ang yaman ng bansa,
Kumilos at magsikap para sa panlipunang adhika.

Gamitin nang may pananagutan ang mga karapatan,
huwag ipagbili ang boto sa panahon ng halalan.
Igalang ang kapuwa, matanda at may kapansanan,
Laging piliin panlahatang kabutihan.

Lubos na nakagagalak ang mga nagpupursigi,
mapagyaman ang talino't mapagbuti ang sarili.
Sumusunod sa batas, nag-aaral nang mabuti.
Tumutulong sa kapwa at 'di makasarili.

Ang bayan sa iyo'y lubos na umaasa,
Kabataang susunod sa magandang yapak nila.
Magiging bahagi ng lakas-paggawa,
Magsusulong ng nasyonalismo't pag-ibig sa bansa.

Pilipino tayo sa isip at sa salita,
Ipakikita sa pagsasabuhay at sa paggawa.
Sa pagmamahal sa bayan ay hindi magsasawa.
Kikilos at susulong sa tulong ng Amang Lumikha.

1. Anong hamon ang nais ipabatid at ikintal ng tula sa kabataang Pilipinong katulad mo?

2. Magbigay ng 2-3 pag-uugali ng mga kabataang Pilipino na kailangang baguhin upang maipakita at maisabuhay ang pagmamahal sa bayan.

3. Ayon sa tula, ano-ano ang dapat gawin ng isang kabataang tulad mo upang maipakita ang pagmamahal sa bayan?

## Gawain 2

**Panuto:** Gumawa ng sariling pang araw-araw na talahanayan. Itala rito ang mga angkop na kilos na inyong naisagawa na nagpapakita ng pagmamahal sa bayan. Ipakita at ipabasa sa magulang. Pagkatapos, hingin ang kanilang komento at lagda.

| ***Petsa*** | ***Mga Araw*** | ***Mga Naisagawang Kilos ng Pagmamahal sa Bayan*** | ***Komento at Lagda ng Magulang*** |
|---|---|---|---|
| ***Halimbawa:*** | | | |
| *Marso 8, 2021* | *(Lunes)* | *Nakibahagi ako sa aming Virtual Flag Ceremony.* | *Natutuwa akong makita ang aking anak na umaawit ng Lupang Hinirang.* |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Lunes | | |
| | Martes | | |
| | Miyerkules | | |
| | Huwebes | | |
| | Biyernes | | |

## TANDAAN

Tungkulin ng bawat mamamayang Pilipino na mahalin at pahalagahan ang Pilipinas, ang ating Inang Bayan. Walang sinuman ang ligtas sa pagsasabuhay ng pananagutang ito, dahil ang tao ay umiiral na nagmamahal at sumasakatawang-diwa. Nangangahulugan ito na tayo bilang tao ay umiiral sa mundo kasama ang ating kapwa. Kumilos tayo tungo sa kabutihang pansarili at tungo sa kabutihang panlahat kung saan kabilang ang kabutihan ng bansa.

Dala ng patuloy na pag-unlad at ng globalisasyon ay namumulat tayo sa kultura ng iba't ibang bansa. Hindi masamang pag-aralan ang kulturang dayuhan ngunit huwag kalimutan na tayo man ay may kultura ring katangi-tangi na dapat ipagmalaki. Nakalulungkot lamang na tila dumarami ang kabataang nahihilig sa pagtangkilik sa dayuhang kultura at nakalimutan na ang sariling atin- ang kulturang Pilipinong pinag-uugatan kung sino tayo bilang isang lahi at isang nasyon.

Walang ibang magmamahal sa Pilipinas kundi tayong mga Pilipino rin kung kaya't mahalagang linangin at patuloy na isabuhay ang pagmamahal sa ating Inang Bayan.

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

**Panuto:** Gumuhit ng poster o sumulat ng iyong sariling tula o islogan na naglalaman ng iyong pangako kung paano mo maisasakatuparan ang winika ni Dr. Jose Rizal na ikaw bilang kabataan ay ang pag-asa ng bayan.

Halimbawa 1:
"Wikang Filipino sa pakikpagtalastasan;
Gagamitin kong wika sa pagkakamit ng kapayapaan;"

Halimbawa 2:
"Sisikaping magiging gamot ang "BAYANIHAN"
sa paglutas ng mga suliranin ng bayan."

# PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto**: Basahin at unawain ang bawat katanungan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

_________1. Alin sa mga sumusunod na pagpapahalaga ang naging bunga ng pagkakaroon ng katahimikan, kapanatagan at kawalan ng kaguluhan?

A. kaayusan
B. kalinisan
C. kapayapaan
D. katarungan

_________2. Ang salitang patriyotismo ay nagmula sa salitang "*pater*" na nangangahulugang ______________________.

A. kabayanihan
B. katoto
C. pagmamahal
D. pinagmulan

_________3. Alin ang **hindi** angkop na kilos ng nagmamahal sa bayan?

A. Paggamit ng kapwa upang mapagbuti ang sariling pamilya
B. Pakikibahagi sa mga gawain tungo sa kabutihang panlahat
C. Pagsunod sa mga batas at alituntunin kahit na walang nakakakita
D. Pagganap sa pambansang tungkulin katulad ng pakikibahagi sa eleksyon o halalan

_________4. Bakit mahalagang mahalin ng bawat Pilipino ang kaniyang bayan?

A. Hinubog tayo ng ating bayan na maging mabuting tao.
B. Ito ang pinagkukunan natin ng ating materyal na pangangailangan.
C. Biyaya ng Diyos ang pagkalooban ang tao ng lipunang kinabibilangan at pamayanang matitirahan.
D. Sinusuportahan tayo ng ating mga kababayan sa anumang patimpalak na ating sinasalihan.

_________5. Alin sa mga sumusunod na katangiang Pilipino ang naipamamalas sa pamamagitan ng boluntaryong pagtulong sa kapwa sa oras ng pangangailangan?

A. bayanihan
B. magiliw sa panauhin
C. masayahin
D. mapagmahal sa pamilya

________6. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang **hindi** totoo tungkol sa kahalagahan ng pagmamahal sa bayan?

A. Pinagbubuklod ng pagmamahal sa bayan ang mga tao sa lipunan.
B. Napahahalagahan ng pagmamahal sa bayan ang kultura, paniniwala at pagkakakilanlan.
C. Naiingatan at napahahalagahan ng pagmamahal sa bayan ang karapatan at dignidad ng tao.
D. Naisusulong ang ating ekonomiya sa pamamagitan ng pagtangkilik sa sariling atin at kailanma'y hindi pagtangkilik sa gawang banyaga.

________7. Paano napapalawak ng pagmamahal sa bayan ang pakikipagkapwa?

A. Nagtataguyod ng reporma ng pamahalaan tungo sa mabuting pamumuno.
B. Gumagamit ng midya at teknolohiya sa pagpapalawak ng kawilihan at kaalaman.
C. Namumulat ang kamalayan ng mga mamamayan sa mga isyu at suliranin ng bayan.
D. Nagbibigay ng pagkakataon sa mga mamamayan na magkaisa, magtulungan at magdamayan.

________8. Sino sa mga sumusunod ang nagpapamalas ng tunay na pagmamahal sa bayan?

A. Si Alpha na naglingkod nang buong tapat at husay sa pamahalaan.
B. Si Aira na sinaulo ang Lupang Hinirang at Panatang Makabayan.
C. Si Crispin na ipinamamahagi sa mga mahihirap ang nakumpiskang *smuggled goods* ng kanilang ahensiya.
D. Si Mario na nanguna sa mga kilos-protestang may layuning hindi papasukin sa Pilipinas ang mga lahing nanakop sa atin.

_________9. Saan nakikita ang tunay na kahulugan ng patriyotismo para sa isang Pilipino?
   A. Adhikaing umunlad ang sarili at kapwa
   B. Bawat pagkilos na tumutugon sa pangangailangan ng tao at ng bayan
   C. Pag-iisip ng mga programang magsusulong sa turismo ng bansa
   D. Pagtutulungan ng bawat mamamayan sa panahon ng sakuna at kalamidad

_________10. Alin ang **hindi** kabilang sa mga pagpapahalagang dapat linangin upang tuwirang maisabuhay ang pagmamahal sa bayan?
   A. Pagkalinga sa pamilya at salinlahi
   B. Pagsusulong ng kabutihang panlahat
   C. Palagiang handa sa pagsuong sa digmaan
   D. Pangangalaga sa kalikasan at kapaligiran

## SANGGUNIAN


- Brizuela, Mary Jean B et al. 2015. "*Edukasyon sa Pagpapakatao 10: Modyul para sa Mag-aaral*": FEP Printing Corporation pp.184-208.


## SUSI SA PAGWAWASTO

**Unang Pagsubok:**
1. Mali
2. Tama
3. Mali
4. Tama
5. Mali
6. Tama
7. Mali
8. mali
9. Tama
10. Tama

**Balik-tanaw:**
1. Aborsiyon
2. Suicide
3. Euthanasia
4. Alkoholismo
5. Droga

**Pangwakas na Pagsusulit:**
1. C
2. D
3. A
4. C
5. A
6. D
7. D
8. A
9. B
10. C